

**FORM NG PAHINTULOT PARA SA ELECTRONIC NA KOMUNIKASYON**

IMPORMASYON NG KLIYENTE	
Pangalan ng Kliyente:	Petsa ng Kapanganakan:
MR#	
Provider / Programa:	
<input type="checkbox"/> Nasuri at na-update ng provider na ito ang kasalukuyang address, numero ng telepono, at mga pang-emergency na contact ng kliyente.	

Mayroon kang opsyong magpadala at makatanggap ng electronic na komunikasyon sa at mula sa Mga Serbisyo sa Kalusugang Nauugnay sa Pag-uugali at Pagpapagaling (Behavioral Health and Recovery Services, BHRS) at para sa pagpunta sa mga session (sa pamamagitan ng telepono o telehealth (video)). Gusto ng BHRS na tiyaking nauunawaan mo ang mga panganib, benepisyo, limitasyon, at kinakailangan sa paggamit ng electronic na komunikasyon (kasama ang telehealth). Ang impormasyong makakalap sa electronic na komunikasyon sa iyong provider ng BHRS ay posibleng gamitin para sa pag-diagnose, paggamot, therapy, pag-follow up, at/o edukasyon. May mga isinasagawang hakbang para sa kaligtasan para matiyak na secure ang ginagamit na electronic na komunikasyon ng BHRS, pero hindi nito naalis ang lahat ng panganib na nauugnay sa electronic na komunikasyon. Hindi ire-record ang mga usapan sa telehealth (video) at telepono nang walang pahintulot mo.

Kung hindi ka kumportable sa paggamit ng electronic na komunikasyon o sa pagpapatingin sa isang provider sa pamamagitan ng teknolohiya ng kumperensya gamit ang video, puwede mong tanggihan ang paggamit sa teknolohiya, at puwede kang magpaikedyul ng personal na session o tradisyonal na session gamit ang telepono na walang video anumang oras, depende sa anumang paghihigpit na nauugnay sa pampublikong kalusugan o iba pang alalahanin. Kung mas gusto mong magpa-appointment sa personal pero nagkakaproblema ka sa transportasyon, matutulungan ka ng tauhan na alamin ang mga hindi medikal na benepisyo sa transportasyon sa Medi-Cal na posibleng makatulong sa iyo na makapunta sa personal mong appointment.

Mga Posibleng Benepisyo:

- Pinadaling access sa pangangalaga sa pamamagitan ng pagbibigay-daan sa isang

www.smchealth.org/BHRSComplianceProgram

<http://smchealth.org/bhrs-documents>

Policy 22-07: Atch A Electronic Communication Consent Form (Tagalog)

Attachment last revised: 10/03/25



kliyente na manatili sa isang remote na lokasyon at kumuha ng mga serbisyo o impormasyon sa mga provider sa malalayong lugar.

- Nananatiling mas malapit sa bahay ang kliyente, kung saan makakapagbigay ng tuluy-tuloy na pangangalaga ang mga lokal na provider ng pangangalagang pangkalusugan.
- Nabawasang pangangailangan ng kliyente o iba pang provider na bumiyahe.
- Sa Telehealth, magagawa ng kliyente na makita at marinig ang provider at makikita at maririnig ng provider ang kliyente, na para bang nasa iisang kuwarto sila.

Mga Posibleng Panganib at Limitasyon:

- May mga kaakibat na posibleng panganib at limitasyon ang paggamit ng electronic na komunikasyon (kasama ang telehealth) na kinabibilangan ng, pero hindi limitado sa mga sumusunod:
 - Posibleng matukoy ng provider na hindi nagbibigay ang usapan sa telehealth o telepono ng sapat na impormasyon para makagawa ng naaangkop na klinikal na pasya, na posibleng mangailangan ng mga karagdagang personal na pagpapatingin.
 - Posibleng maantala ng mga problema sa teknolohiya na nauugnay sa mga remote na serbisyo (sa telepono o telehealth) ang medikal na pagsusuri at paggamot anumang oras.
 - Sa mga bihirang sitwasyon, posibleng hindi gumana ang mga protocol sa seguridad, na magreresulta sa paglabag sa privacy ng impormasyon ng kliyente. Aabisuhan ang kliyente kung may anumang isyu sa seguridad.

Nauunawaan kong:

- May kaakibat na panganib sa seguridad ang paggamit ng electronic na komunikasyon kung saan nagpapadala, tumatanggap, o nagso-store ng impormasyon sa electronic na paraan. Inirerekomenda ng BHRS at, iniaatas nito, sa ilang sitwasyon, na gumamit ng mga secure na (naka-encrypt) na uri ng komunikasyon para mapaliit ang panganib sa seguridad, pero nauunawaan kong hindi nito palaging nagagarantiya o naalis ang posibilidad na magkaroon ng paglabag sa impormasyon.
- Puwedeng magbigay ang county, sa ilang pagkakataon, ng secure na platform sa pagmemensahe na nakakasunod sa at sertipikado ng Batas sa Portability at Accountability ng Insurance sa Kalusugan (Health Insurance Portability and Accountability Act, HIPAA) (na magagamit sa web o mobile app) para mabigyang-



SAN MATEO COUNTY HEALTH

BEHAVIORAL HEALTH & RECOVERY SERVICES

MRN:
Client Name:

daan ang pribadong pag-uusap ng kliyente/provider. Hindi dapat ipagpalagay ng mga kliyente na ang pagpapadala ng mga secure na mensahe sa platform na nakakasunod sa HIPAA ay magiging pamalit sa pagtanggap ng pangangalaga sa kalusugan ng pag-iisip sa pamamagitan ng pagpapatingin sa isang provider ng kalusugan ng pag-iisip sa personal (o sa video) o telepono.

- Dapat gamitin ang mga awtorisadong platform ng telehealth ng BHRS para sa mga appointment sa telehealth dahil ang mga nasabing platform ay nakakasunod sa HIPAA at ine-encrypt para matiyak ang seguridad ng aking mga session sa aking provider.
- Sa pangkahalatan, para sa logistics lang gaya ng pagkumpirma ng appointment ang mga text message at email. Napakahalaga ng privacy ng kliyente. Dahil hindi nakakatugon sa mga pamantayan ng privacy ang mga text message, hindi puwedeng maglagay sa mga ito ng pribadong impormasyon sa kalusugan. Isaad ang anumang klinikal na detalye sa isang voicemail o maghintay na direktang makausap ang provider.
- Kung hihilingin kong makatanggap ng mga text o naka-encrypt na email, mas malaki ang posibilidad na magkaroon ng paglabag sa seguridad at tinatanggap ko ang panganib na ito para makatanggap ng mga hindi naka-encrypt na electronic na mensahe.
- Hindi tinitingnan ng mga staff ang kanilang email, mga voice message, o text sa labas ng oras ng trabaho at ino-off nila ang kanilang mga device sa trabaho kapag wala sila sa trabaho.
 - Ia-update ng mga staff ang mga pagbati sa kanilang pang-opisinang voicemail at cell phone para isaad ang iskedyul ng kanilang trabaho at kapag naka-leave sila. Makikita sa mga pagbating iyon kung paano ako makakatanggap ng agarang tulong kung hindi available ang nasabing staff.
- Hindi magagawa ng mga staff na tumanggap o sumagot ng mga mensahe kung may kausap silang ibang kliyente o kung sila ay nasa isang meeting, nagmamaneho, o may ibang ginagawa na nakakahadlang sa kakayahan nilang sumagot.
- Ang mga mensahe sa aking provider sa pamamagitan ng text message, voicemail, o email ay hindi para sa pagtugon sa mga layuning nangangailangan ng agarang atensyon o pang-emergency. Nauunawaan kong walang garantiya sa kung kailan matatanggap at masasagot ng provider ang mensahe kung mag-iiwan ako ng

www.smchealth.org/BHRSComplianceProgram

<http://smchealth.org/bhrs-documents>

Policy 22-07: Atatch A Electronic Communication Consent Form (Tagalog)

Attachment last revised: 10/03/25



mensahe sa pamamagitan ng electronic na komunikasyon.

- Kung walang pahintulot para sa electronic na komunikasyon, posibleng maantala at maabala ang komunikasyon at pagpapatuloy ng pangangalaga para sa kliyente at sa kanyang mga provider.
- Kung mayroon akong pangangailangang pang-emergency o nangangailangan ng agarang atensyon, nauunawaan kong puwede akong pumunta sa emergency room ng isang ospital, sa agarang pangangalaga, o kaya ay makipag-ugnayan sa isang hotline para sa krisis. Kasama sa ilang lokal na numero na ibinigay ng mga staff ang:
 - Mga Serbisyo sa Psychiatric na Emergency: _____
 - 24 na Oras na Linya para sa Krisis: _____

Sa pamamagitan ng paglagda o pagbibigay ng pasalitang pahintulot sa form na ito, kinikilala kong nabasa, nauunawaan, at tinalakay ko sa aking provider ang mga panganib, benepisyo, at limitasyon ng bawat uri ng electronic na komunikasyon kasama ang telehealth. Sa partikular, nauunawaan kong:

1. May karapatan akong i-access ang mga appointment sa personal at boluntaryo ang aking paggamit ng telehealth. Puwedeng bawiin anumang oras ang aking pahintulot para sa paggamit ng telehealth nang hindi naaapektuhan ang kakayahan kong i-access ang mga saklaw na serbisyo ng Medi-Cal sa hinaharap.
2. Maaasahan ko ang mga posibleng benepisyo mula sa paggamit ng electronic na komunikasyon, pati ng telehealth, sa aking pangangalaga, pero hindi magagarantiya o masisiguro ang mga resulta o partikular na kahihinatnan ng mga ito.
3. Ang mga batas na pumoprotekta sa privacy at pagiging kumpidensyal ng medikal na impormasyon ay nalalapat din sa electronic na komunikasyon, pati sa telehealth.
4. May mga panganib at limitasyon ang paggamit ko ng electronic na komunikasyon sa aking provider.

Telepono

- Sa pagbigay ng aking numero ng telepono, inaawtorisa ko ang Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali at Paggaling (BHRS, Behavioral Health & Recovery Services) at aking pangkat ng paggamot na magbigay ng mga serbisyo sa telepono, o makipag-ugnayan ukol sa mga appointment, mapagkukunan, atbp. sa



MRN: Client Name:

pamamagitan ng tawag sa telepono o text, o sa pamamagitan ng ligtas na pagmemensahe sang-ayon sa Batas sa Maililipat at Pananagutan ng Segurong Pangkalusugan (HIPAA, Health Insurance Portability and Accountability Act) alinsunod sa polisiya ng BHRS.

- Pinapahintulutan ko ang BHRS na mag-iwan ng mga detalyadong voice message sa aking voice mail box.

Email

- Sa pagbibigay sa aking email address, pinapahintulutan ko ang BHRS at ang aking team sa paggamot na magpadala ng mga mensahe kaugnay ng mga appointment, resource sa komunidad, survey, atbp. alinsunod sa patakaran ng BHRS.
- Pinapahintulutan ko ang pagpapadala at pagtanggap ng mga mensahe sa email sa hindi naka-encrypt na format.

Telehealth

- Pinapahintulutan ko ang BHRS na ibigay ang aking mga serbisyo sa pamamagitan ng Telehealth (video).

Pakikipag-ugnayan sa aking provider sa pamamagitan ng kanyang cell phone para sa trabaho

- Sumasang-ayon ako at nauunawaan ko ang mga panganib at limitasyon ng pakikipag-ugnayan sa aking provider sa kanyang cell phone para sa trabaho.

Pasalitang Pahintulot:

Sinuri ang form na ito kasama ng kliyente. Pasalitang kinumpirma ng kliyente na nauunawaan niya ang impormasyon sa itaas kaugnay ng electronic na komunikasyon, kasama ang telehealth, at nasagot ang lahat ng tanong ng kliyente. Pinapahintulutan ng kliyente ang paggamit ng electronic na komunikasyon gaya ng nakasaad sa itaas.
 Petsa/Oras ng Pasalitang Pahintulot: _____

Pinahintulutan ng kliyente ang _____ (Pangalan ng Ahensya) na gumamit ng telehealth sa kurso ng pag-diagnose at paggamot sa kliyente.



SAN MATEO COUNTY HEALTH

**BEHAVIORAL HEALTH
& RECOVERY SERVICES**

MRN:
Client Name:

**Lagda/Pasalitang
Kumpirmasyon
ng Kliyente (o
awtorisadong indibidwal)**

Petsa/Oras

**Lagda ng Provider na
Nagkukumpirmang
Nakahingi ng May-
kabatirang Pahintulot**

Petsa/Oras